

# International Children's Club



Ang mga bata ay kayamanan ng bansa!  
Mula sa International Children's Club tungo sa  
magandang kinabukasan

Lahat ng mga batang may edad na 15 taon gulang at pababa na naninirahan sa Japan ay maaaring pumasok sa eskuwelahan, kasama dito ang mga anak ng mga dayuhan. Subalit may mga dayuhang magulang na nag-aalanganing ipasok kaagad ang kanilang anak dahil hindi pa nakakaintindi ng Nihongo, pero balikwas sa kanilang paniniwala ay mas makakabuting ipasok sila kaagad sa paaralan. Mas matututo sila sa kanilang mga kamag-aral at kaibigan sa eskuwelahan. Malaking alalahanin nga lamang ay mahirap maintindihan ang mga aralin kung hindi sila marunong ng Nihongo. Kung kaya't ang International Children's Club ay nandirito para tumulong sa mga batang may ganitong problema.

Noong nakaraang taon, 18 na mag-aaral sa elementary, 7 sa junior high school, 3 sa high school, at 1 sa universidad, sa kabuuan, 29 na mag-aaral ang sabay sabay na nagpupunta sa Int'l Children's Club para magpatulong sa kanilang pag-aaral. Sa kasalukuyan ay may 17 na volunteers. Sila ay mga dating guro, nagtrabaho sa opisina, mga maybahay at mga mag-aaral at lahat sila ay mahilig sa bata.

Sa International Children's Club ay may pagtuturo ng wikang Nihongo at mga aralin sa eskuwela, pag-gabay para sa pagkuha ng entrance exam para sa high school at pagbibigay ng mga payo. Pagtuturo ng science at mathematics para sa mga mag-aaral ng junior high school ay ibinabase sa kanilang textbooks. Mayroon ding mag-aaral na nagpaturo ng pagtugtog ng recorder, paglalaro at pagbibilang ng lukso ng jump rope bilang takdang-aralin, at mayroon ding sinamahan para magpapatingin sa dentista.



May tatlong pagdiriwang na itinatanghal sa loob ng isang taon. Noong isang taon, may barbecue party noong summer, mga palaro at salu-salo sa winter, at sa spring ay may pagdiriwang para sa graduation at para sa susunod na pag-aaral. At mayroon ding pagbibigay ng pabuya sa mga estudyante na regular na nagpupunta sa pag-aaral. Sa loob ng study room, ang mga bata ay nagsasalita din ng Filipino, Intsik at iba pang wika habang tinuturuan nila ang isa't isa. Kaaya-aya at masaya sila sa kanilang pag-aaral

Kung kayo ay nahihirapan sa eskuwela o malapit ng kumuha ng high school entrance examination, halina at magsadya lamang sa amin. Ito ay libre para sa lahat.

● Kailan: Tuwing Sabado: 9:00 ~ 12:00


Sa summer vacation, 2 beses sa isang lingo

● Saan: Fujimino-city Community Support Center  
1st Flr.

(2 min lakad mula Kami-fukuoka Station, west exit)

● Libre. Tumawag para sa detalye sa :

● FICEC Tel: 049-256-4290



**Kailangan ng mga puppeteers at narrators para sa Takemazawa Kuruma Ningyo**

May tradisyonal na sining na tinatawag na Takemazawa Kuruma Ningyo (puppet show) sa Miyoshi-machi. Mga puppeteers at narrators ay kailangan para sa palabas na gaganapin sa Dec. 21. Tuturuan kayong gumanap. Sa mga interesado at gustong matutunan ang isang tradisyon dito sa Japan, tingnan ang detalye sa baba :

- Paano mag-apply: tingnan ang website at mag apply on line, o pumunta sa Coppice Miyoshi o tumawag sa
- Tel: Coppice Miyoshi 049-259-3211, Lifelong study Division 049-258-0019
- Huling araw ng pagtanggap ng aplikasyon: June 10th
- Application form: <http://www.town.saitama-miyoshi.lg.jp/form/kuruma.html>



**Pasasalamat na pagdiriwang, gaganapin sa June 15th**



Ang “Information Fujimino”, ay magdiriwang para sa ika-200<sup>th</sup> isyu noong Abril. Bukod dito, iginawad ng Ministry of Foreign Affairs ang recognition certificate sa FICEC bilang pagkilala sa malawak na mga aktibidades na pang kulturang internasyonal. Gayundin ang pagiging “Designated authorized NPO of Saitama Prefecture” ay ibinigay ng Saitama Prefecture bilang katibayan ng pagtitiwala. Kung kaya’t dahil sa magandang mga balita nais ng FICEC na magdaos ng pagdiriwang ng pasasalamat. May iba’t ibang mga kasiyahan at ebento, at lahat ay inaanyayahang dumalo.

- Kailan: June 15 (Linggo) 12:00 ~ 14: 00
- Saan: Fukutopia 1F, Fujimino-city (15-minutong lakad mula Kami-fukuoka station)
- Bayad: 1000 yen ● Magpa reserba sa : (FICEC) TEL. 049-256-4290

**Mag-ingat sa food poisoning ngayong tag-ulan**

Panahon na naman ng tag-ulan. Simula Hunyo hanggang Hulyo, madalas ang pag-uulan at ito ay nagdudulot ng iba’t ibang pinsala sa mga lugar. Mahalumigmig ang panahon, at mabilis mag-amag at masira ang mga pagkain. Maging maingat.

- Pag-iwas sa pagkakaroon ng amag sa pagkain
- 1. Sa pamimili, unahin ang mga pagkaing maari sa room temperature o dry goods at ihuli ang mga pagkaing dapat ilagay sa ref o sa freezer
- 2. Pagdating sa bahay, ilagay kaagad ang mga pagkain sa loob ng refrigerator.
- 3. Huwag maglagay ng maraming pagkain sa refrigerator.
- 4. Iwasan ang pamimili ng maramihan.
- 5. Hugasan mabuti ang isda, alisin ang lamang-loob nito at ilagay sa freezer.
- 6. Palamigin muna ang mainit na pagkain bago ilagay sa loob ng refrigerator.
- 7. Iwasan mag-iwan ng pagkain sa mesa ng mahigit na dalawang oras matapos lutuin.
- 8. Hugasan sa dumadaloy na tubig ang kutsilyo at chopping block at saka banlawan ng mainit na tubig.

**Libreng breast cancer examination (mammography)**

Para sa maaga at maagap na pagtuklas ng breast cancer na sinasabing pinakamataas na cancer disease para sa kababaihan, may libreng breast cancer examination sa Fujimino city.

Pagkatapos ng unang pagsusuri, ang susunod na pagsusuri ay gaganapin sa Hulyo. Kumonsulta sa Health Center sa Fujimino city. Tel. (049-264-8292)

Ang pagsusuri ay sa pamamagitan ng pagmamasid, pagkapa at mammography (X-ray ng suso).

Libre ang gagawing pagsusuri subalit may bilang ang kayang matingnan at may pagkakataong maaring hindi pwedeng magpasuri sa iba pang kadahilanan.

Tingnan ang website ng Fujimino city at maagang magpareserba.